

# Preliminaryong Pagsusuri sa Varayti ng Tagalog-Mindoro sa Komunidad Pangwika ng Bongabong



Voltaire M. Villanueva  
Pamantasang Normal ng Pilipinas

*Si Villanueva ay nagtapos ng PhD sa Araling Filipino sa Wika, Kultura, at Midya bilang iskolar sa Pamantasang De La Salle-Maynila at ng BSEMajors sa Araling Panlipunan at Filipino sa PNU Manila, cum laude noong 2005. Isa siyang gurong demonstrador sa mga internasyonal, nasyonal, at pampaaralang komperensiya sa Filipino at Araling Panlipunan; tagapagsanay sa mga tagapagsanay sa buong bansa sa Baitang 4 ng Dep.Ed at Senior High School ng Dep.Ed at CHED. Napiling isa sa pinakamahuhusay na papel sa ika-6 na Arts Congress sa DLSU- Manila ang kanyang akdang "Karatulastasan" bilang inobasyon sa pagtuturo. Sa kasalukuyan, nagtuturo siya sa antas kolehiyo at gradwado sa PNU-Maynila.*

## **Abstrak**

*Kung pag-aaral at pagsusuri ng wikang Tagalog ang pagbabatayan, hitik at sagana ang mga batis na mapag-aaralan at mapaghahanguan ng iba't ibang kaalaman. Bagama't may iba't ibang layon, tuon, at saklaw ang mga naunang gawa, iisa naman ang hangaring papagyamanin ang ating wikang pambansa.*

*Layunin ng pag-aaral na maitala at masuri ang wika sa komunidad pangwika ng Bongabong, Silangang Mindoro. Ipinakita mula sa preliminaryong pananaliskik ang maigting na ugnayan ng wika sa kalagayang panlipunan bilang isang munting hakbang sa pagpapaunlad ng sariling wika.*

*Pinagsamang etnograpiiko at artsibong paraan ang pag-aaral tungo sa pagtatala at pagpapakahulugan sa leksikal aytem. Bunga ng masinop na pagtatala sa varayti ng Tagalog-Bongabong ang pahiwatig sa ugnayan ng wika at kalinangang-bayan.*

## **Mga Susing Salita**

*varayti ng wika, Tagalog-Bongabong, Bongabong,  
Silangang Mindoro, komunidad pangwika,  
sosyolingguwistika*



## *Panimula*

Sa mga pag-aaral ukol sa gramatikang Tagalog na isinulat ng mga Pilipino, pinagtuunan ng pansin ang mga naisagawang pag-aaral ukol sa wikang pambansa sa panahong 1893 hanggang 1977 (Garcia 2-15). Tinukoy rin sa mga pag-aaral ang ambag at kahalagahan ng mga ito sa larangan ng gramatika at lingguwistika na daan sa pagtahak sa yumayabong na kasaysayang panlinguwistika.

Sa paglipas ng panahon at sa patuloy na pagdami ng mga taong patuloy na sumusumpong ng mga mahahalagang ideya na may maigting na ugnayan sa wika; patuloy na lalawak, lalago, at lalakas ang mga ipinunlang binhi ng wika.

Umiigting ang mga pag-aaral sa Sosyolingguwistika mula sa tradisyon na pagtuunan ng pansin ang lingguwistikong katangian ng wika. Sa mga padrong ito ng pananaliksik, pinatutunayan ang ugnayang wika at lipunan ay hindi kailanman mapaghihiwalay.

## *Batayang Konseptuwal: Mayamang Wika na Dapat Pang Papagyamanin*

Isang malinaw na salamin ang Pilipinas na makapagpapatunay na mayaman ang wika ng sandaigdigan. Ang ating bansa ay may higit sa isang daang wika (120, batay kay Mc Farland na kay Gonzales, 1997, 140 mula sa NSO na nasa Ethnologue, 2000 at 152 wika at diyalekto mula kay Yap (1-3) sa aklat na “Global Filipino Crossing Borders”). Dahil sa dami ng varyasyon ng mga wika batay sa tunog, salita, at gramatika hindi maaaring maging magkakatulad ang mga wika dahil sa katangiang *heterogenous* nito.

Mahalaga ang pag-aaral na nakatuon sa mga varyasyon ng wika. Magsisilbing hanguan ito ng pagkilala sa natatanging identidad ng isang komunidad na kalimitan ay naisasantabi. Sa panahon ng globalisasyon na binubura ang kaakuhan ng mga maliliit na komunidad pangwika; makatutulong ito sa pagpapalakas ng kakanyahan ng wika na nakadikit sa kasaysayan at kalinangan ng bayan. Tumutugon din ito sa kahingian ng edukasyon ukol sa pagtataguyod ng maigting na ugnayan ng unang wika at kultura o MLE-MTB (*Multilingual Education-Mother Tongue Based Education*).

## *Paraan ng Pag-aaral: Hakbang sa Pagpapayaman ng Wika*

Hindi mapapasubalian ang kahalagahan ng simpleng pagtatala ng mga salita sa pagpapayaman at pagbibigay ng tiyak na ambag sa pagpapaunlad ng wika. Maituturing na tiyak na paraan ang pagtatala sa pagpapayaman ng salita (Yap “Global Filipino Crossing Borders” 2-5). May batayan ang mga



salitang dapat itala. Ito ay nakabatay sa gamit, dalas ng paggamit, dulot na hindi pagkakaunawaan na mahalagang dapat malaman, at pagkakawangis ng mga salita sa iba pang salita. Ang mga batayang ito ay matibay na pundasyon sa pagpili ng wika o salita na dapat gamitin sa lipunang Pilipino. Bagama't ang pagpili at paggamit ng wika lalo na sa kontekstong Pilipino ay nababahiran ng aspektong politikal (Constantino at Ramos 1-15) mahalagang mabatid pa rin ang mga dapat pagbatayan sa pagpili at paggamit ng tiyak na salita o wika. Kung kaya't sa pagpili ng mga gagamiting salita na dapat itala bilang pagpapayaman ng wika, mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga bernakular na salita na sumasalamin sa kultural, pamumuhay, pagpapahalaga, maging ng kapaligirang pisikal ng lipunan partikular ng mga etnolingguwistikong pangkat sa bansa. Ang mga wikang impukan, kuhanan, imbakan (Salazar 76) ng mayamang kalinangang-bayan ay maituturing na wikang lokal na makikita sa tuwirang ugnayan at/sa ordinaryong pakikisalamuhang panlipunan ng iba't ibang etnolingguwistikong pangkat. Ang kanilang katutubo o lokal na wika ay mamamalas sa iba't ibang domeyn ng komunidad pangwika. Dahil sa mga salitang maitatala, mapipili, at magagamit sa tiyak na kontekstong panlipunan, nagiging madali sa kasapi ng mga komunidad pangwika ang magsalita, magpahayag, matuto, umunawa, makaalala, makagawa, at maging produktibong kasapi ng kinaaanibang lipunan. Nagiging mas natural, malaya, malikhaing mag-isip ang mga mamamayan gamit ang bernakular na wika dahil kaugnay nito ang angking talino na nakaugat sa kalinangang-bayan na nakaugnay sa pagpapamalas ng daigdig (Jocano, 2001: 7-12). Mula sa mga naitalang wika mula sa iba't ibang lokal na domeyn sa komunidad pangwika, kalauna'y magiging tiyak na ambag ang mga salitang naitala, napili, at nagamit sa mas mahahalagang domeyn ng wika lalo na sa sistema ng edukasyon. Ito ang magiging hanguan ng mga elementong pangwika para sa ganap at makabuluhang pagpapaunlad ng isang wikang pambansa kaakibat ang pambansang kapayapaan at matibay na ugnayan gamit ang matatag na wika.

Layunin ng pananaliksik na ito na maitala ang mga leksikal na aytem, maipakita ang sosyolingguwistikong katangian ng mga naitalang salita na hakbang sa pagpapayaman ng wikang pambansa na nagmula sa maliliit at mga lokal na domeyn. Magkasama ang etnograpiko at artsibong paraan upang maisakatuparan ang pagtatala at pagpapakahulugan sa leksikal aytem. Komprehensibong idodokumento ang mga nakalap na salita sa pamamagitan ng pagkakategorisa at pag-uugnay sa impormasyong may kinalaman sa kaakuan, kasaysayan, at kalinangan ng bayan ng Bongabong.



*Pook ng Pag-aaral:*

*Komunidad Pangwika sa Bayan ng Bongabong, Silangang Mindoro*

Noong ika- 17 siglo pa nang magsimulang gumuhit ng kasaysayan ang bayan ng Bongabong. Maraming haka-haka ukol sa pinagmulan ng salitang Bongabong. Pinaniniwalaang ito ay mula sa salitang Mangyan na "binagao" na ang ibig sabihin ay malakas na daluyong ng tubig. Ang mga Mangyan ang orihinal na naninirahan sa lalawigan ng Silangang Mindoro, at ang ilang uri ng etnolingguwistikong grupo ay nakatira sa bulubunduking barangay ng Bongabong gaya ng Hagan, Lisap, Morente, at Batangan. Isang anekdota ang pinaniniwalaang ang pangalan ng bayan ay nagmula sa isang makabuluhang tunog ng baril. Ayon sa kuwento, isang Amerikanong sundalo ang naglalakad sa Ilog Sukol, habang palakad-lakad ay nakita niya ang hitik na mga "bunga" na ginagawang nganga. Dahil sa ganda ng kulay, agad itong binaril ng Amerikano at narinig ang tunog nitong "bong." Samakatuwid, pinaniniwalaang ang pangalan ng bayan ng Bongabong ay mula sa pinagsamang dalawang salita na "bunga" at "bong" kaya kalauna'y tinawag ang bayan na "Bongabong" (Hernandez 1-10, *History of Bongabong, Its Development and Vision Towards Year 2000*).

Ang bayan ng Bongabong ay isa sa labing-apat na munisipalidad at isang lungsod sa lalawigan ng Silangang Mindoro. Maituturing ang bayan sa mabilis na pagtatamasa ng kaunlaran. Sa kasalukuyan ay itinuturing itong 1st class municipality (*National Statistic Coordination Board*). May kabuuang sukat na 49, 820 hektaryang lupain na may 36 na barangay. Ayon kay Landicho (1-10) ang bayan ay matatagpuan malapit sa ilog na tinatawag na "sukol" salitang Bisaya na nangangahulugang pagsukat. Ito ang tinutukoy na ilog na pinagmumulan ng malakas na agos ng tubig. Nakapalibot sa bayan ang mga Bundok Davidson at Chekdon na nakasasakop sa pook-hangganan ng bayan. Ang mga kabundukan ang pinagmumulan ng agos ng tubig na dumadaloy sa Ilog Sukol. Sa gawing Kanluran, ang mahabang dalampasigan mula sa Barangay Labasan patungong Masaguisi hanggang Barangay Cawayan. Ang mga mga nasabing barangay ay unang nasakop sa panahon ng Kastila ng misyonerong Heswita mula sa Orden ng mga Rekoletos. Dahil sa banta ng pananalasa ng mga Moro noong 1737, inilipat ang kuta ng mga Kastila sa Mararog na matatagpuan sa Barangay Anilao. Tinawag itong "kuta" dahil sa ipinatayong simbahan ng mga Heswita na nagsilbi ring proteksyon laban sa mga Moro.

Ang bayan ng Bongabong ang sinasabing isa sa mga nanguna sa pakikipaglaban sa mga Kastila (*Hernandez 2-8, Ang Bongabong. Pinagmulan at Pag-unlad*). Ang rebolusyong nagsimula sa bayan ng Bongabong ay

pinangunahan ni Koronel Juan Naguit, tubong Kabite. Noong 1898, nabuo ang pamahalaang rebolusyonaryo sa bayan ng Bongabong at itinalagang pangulo si Camilo Umali. Noong 1902, itinatag ang pamahalaang sibil na pinamunuan ng mga Amerikano at itinalaga si Isidro Umali bilang pinuno sa ilalim ng *Legislative Act No. 1135*. Ang mga pangyayaring ito ang naging dahilan nang unti-unting paghina ng bayan kaya't napasailalim ito sa Pinamalayan. Inayos ni Juan Gozar bilang pangulo ang organisasyon at rehabilitasyon ng bayan. Dahil sa pagpupunyagi ng mga mamamayan na matamo ang ganap na pagsasarili, ika- 7 ng Disyembre 1927 ipinagkaloob ang minimithing maging isang ganap na munisipalidad sa ilalim ng pamamahala ni dating kinatawan na si Raul Leuterio sa pamamagitan ng *Legislative Act No. 3415*. Ang pagsasarili ng bayan ng Bongabong ay hudyat ng kaunlaran. Sinimulan ang pagpapagawa at pagbubukas ng pampublikong daanan. Dumami ang mga taong piniling manirahan sa bayan ng Bongabong mula sa mga karatig bayan at lalawigan tulad ng Batangas, Marinduque, Romblon, Antique, at iba pa. Mula 1990 ay may 54, 024 na bilang ng mga naninirahan ay umabot nang 66, 569 noong 2010 (*Census of Population and Housing*). Naitalang pang-apat sa pinakamalaking bilang ng populasyon. Ang palay, niyog, at saging ang pangunahing produkto sa bayan. Ang kagubatan ang nagbibigay ng mga produktong rattan, nito, buri, luya, kamote maging mga orkidyas na pangunahing produkto ng mga Mangyan. Ang mga barangay ng Dayhagan, Camantigue, Cawayan, Masaguisi, Aplaya, Labonan, at Labasan ay mga barangay sa tabi ng dalampasigan na maaaring pangisdaan. Marami ring ipinagawang palaisdaan at gilingan ng palay. Nagluwal ito ng iba't ibang uri ng hanapbuhay gaya ng pagtotroso, pagsasaka, pangingingisda, at pangangalakal na humikayat sa marami na rito ay manirahan (Piol 1-30).

### *Komunidad Pangwika sa Bayan ng Bongabong*

Nagkakaroon ng komunidad pangwika kung may isang pangkat ng mga taong nagkakaunawaan sa layunin at estilo ng pakikipagtalastasan sa paraang sila lamang ang nakababatid at hindi nauunawaan ng mga taong hindi kabilang sa pangkat. Sa patuloy na pakikipag-usap ng mga grupo ng tao at iba pang grupo ng isang komunidad nagkakaroon ng katangian ang mga salita na naiiba sa iba pang pangkat. Ito ay nagdudulot ng pagkakaroon ng iba't ibang komunidad ng tagapagsalita o komunidad pangwika (Paz 1-9).

Ang komunidad pangwika ay sakop ng Sosyolingguwistika na sinusuri ang istruktura ng mga leksikal na aytem sa komunidad pangwika. Ito ang guguhit

## HASAAN

ng pinagmumulan at pinagsasaluhang tradisyon na daan upang matugunan ang pangangailangang panlipunan.

Ang mga leksikal na aytem sa Bongabong bilang Tagalog-Bongabong ay may malalim na kaugnayan sa kasaysayan, kultura, at kalagayang panlipunan ng bayan.

### *Pagtatala ng mga Salita sa Komunidad Pangwika sa Bayan ng Bongabong*

Ang wika at punto ng ating pagsasalita ay nagpapamalas kung saang lugar tayo nagmula. Sa punto ng pagsasalita mababatid ang palatandaan ng ating mga ideya at pag-uugali. Ang mga palatandaang ito na iniuugnay sa punto ng wika ay mapagmumulan ng mga impormasyon na magagamit ng ating kapuwa na nakakausap sa talastasan na bumuo ng opinyon ukol sa ating sarili.

#### *A. Pangalan ng Bawat Lugar sa Komunidad Pangwika ng Bayan ng Bongabong*

Nakatuon ang mga ilang itatalang salita sa iba't ibang lugar sa 36 na barangay na matatagpuan sa buong bayan ng Bongabong. Pagtutuunan lamang ng pansin ang mga salita ukol sa pangalan ng lugar na may kaugnayan sa kasaysayan, kalinangan o kultura ng lugar na lubos na nauunawan ng mga kasapi ng komunidad pangwika ng bayan ng Bongabong.

##### *a.1. Ugnayang Pangkapaligiran*

**Anilao** - *barangay*- Madawag at matayog na kakahuyan. Palatandaan ang bahaging ito sa mga manlalakbay. Ang “anilao” ay isang uri ng punongkahoy na may kapansin-pansing itsura. Ang dahon ay may kalahating berde samantalang ang natitirang kalahati ay may maputi-puti at gitling na mapula-pula. Ang barangay na ito ay nakapagitan sa Ilog ng Sukol at sa kabilang bahagi naman ay ang Mararog. Sa lugar nito matatagpuan ang Kuta na naging kanlungan ng mga mamamayan at mga bayani ng bayan.

**Bukal** - *barangay* - Halaw sa natagpuang bukal mula sa isang isang napakalaking punongkahoy ng angkan ng mga Reyes na pinaniniwalaang nagdulot ng kaunlaran sa barangay. Ito ang naging sanhi ng pandarayuhan mula sa iba't ibang pook at karatig lalawigan dahil sa biyayang ipinagkakaloob ng bukal. Ang barangay na ito ay dating sakop ng Formon.

Ngunit dahil sa pagkilala sa biyayang bigay ng bukal, ipinangalan dito ang kasalukuyang pangalan ng barangay.

**Camantigue** - *barangay* - Mula sa isang uri ng bulaklak na tumutubo sa baybayin ng barangay. Ang bulaklak ay madaling tumubo at paramihin. Ang kabigha-bighani nitong kulay ang agad na makikita sa barangay. Ang mga bulaklak na nabanggit ay paboritong pitasin ng mga tao rito upang ialay sa Birheng Maria lalo na kung sasapit ang buwan ng Mayo. Paniniwalaang ang barangay na ito ay pinaninirahan ng mga tao mula sa Kabisayaan at Romblon. Dating sakop lamang ang barangay ng Cawayan.

**Cawayan** - *barangay* - Pinaniniwalaang ang pangalan ng barangay ay nagmula sa nakita ng mga dayuhang nakasakay sa barkong ginto na kumakaway-kaway at tila mapang-akit na dahon ng “agoho” sa lugar kasabay sa ihip ng hanging amihan. Ang tumubong dahon ay sinasabing nanggaling sa ibinaong ginto ng mga tulisang minsan ay namalagi sa lugar. Sinasabing maraming mga unang nanirahan sa barangay na ito ay tubong Lemery, Batangas sapagkat mayroong daungan ang lugar ng batel na nagluluwas ng iba’t ibang kalakal mula Cawayan patungong Lemery.

**Hagupit** - *barangay* - Mula sa galaw ng mga dahon ng kugon na “hinahagupit” na winika ng mga sinasabing katutubong dito ay nanirahan nang masaksihan ang mabilis na galaw ng mga dahon. Dating sitio lamang ito ng Panlanao na kasalukuyang Barangay Sagana.

**Masaguisi** - *barangay* - Mula ang orihinal na pangalan sa isang uri ng isdang “saguisi.” na mahuhuli sa baybayin ng barangay . Dinagdagan ng panlaping “-ma” dahil sa pagiging marami ng isda na nagbibigay ng kabuhayan sa mga mamamayan. Ang baybayin ng Masaguisi ay nakaharap at nakabukas sa Kahabaan ng Isla ng Tablas kaya’t maraming narahuyong dumayo rito mula sa lalawigan ng Romblon at mga karatig lalawigan sa Kabisayaan, Marinduque, at Batangas.

**Sagana** - *barangay* - Isa ito sa mga orihinal na barangay ng bayan ng Bongabong. Ang pangalan mismo ng barangay ay halaw sa kasaganaang taglay sa mga likas na yaman ng barangay mula sa biyaya ng yamang tubig at lupa. Noon magpasahanggang ngayon ay sagana sa likas na yaman ang barangay na nag-aambag ng iba’t ibang produkto upang maging kabuhayan ng mga mamamayan sa bayan ng Bongabong.

### *a.2. Ugnayan sa mga Kapatid na Mangyan*

**Batangan** - *barangay* - Naninirahan ang mga kapatid na Mangyan. Ang mga Mangyan ay tinatawag na “kapatid” o kaya naman ay “sama”. Dating sitio lamang ang Batangan ng Morente.

**Binagao** - salitang Mangyan na ang ibig sabihin ay malakas na daluyong ng agos ng tubig. Pinaniniwalaang nagmula rito ang kasalukuyang pangalan ng bayan.

**Carmundo** - *barangay* - Dating tinatawag itong “sibyawan” mula sa salitang Mangyan na ang ibig sabihin ay “ube” (isang uri ng halamang ugat). Ang mabundok na bahaging ito ng bayan ay pinagtataniman ng ube. Noong unang panahon ang barangay na ito ay isa sa mga pangunahing tirahan ng mga Mangyan mula sa katabing barangay na Malitbog hanggang sa kabunduk-bundukang Batangan. Ang pandarayuhan ng mga taga- Batangas at Bisaya ang naging dahilan ng paglisan ng mga Mangyan upang magtungo sa mas mataas pook panirahan.

**Hagan** - *barangay* - Salitang Mangyan na nangangahulugang “libingan”.

**Kaligtasan** - *barangay* - Mula sa salitang Mangyan na “banyagan” o “bayang” na nangangahulugang putik na karaniwang ginagawang palayok, paso, at tapayan sa lugar. Dahil sa maunlad na kalagayan ng lugar na may kalayuan, naging paboritong dalahan ito ng mga ninanakaw na hayop. Naging masama ang pagtingin ng marami dahil sa napabalitang masamang pangyayari ukol sa pag-aalaga sa mga nawawalang hayop. Pinaniniwalaang ang barangay ay humarap sa krisis ng sunog, tubig, at pagkabilanggo subalit ito’y matagumpay nilang nalagpasan at natamo ang kaligtasan.

**Lisap** - *barangay* - Buhat ang pangalan ng lugar sa kuwento ng nayon ukol sa buhay ni “Lisay,” isang dalagang katutubong Buhid- Mangyan na naninirahan sa Bundok Baco. Dahil sa taglay na yumi’t ganda ng dalaga, maraming katutubong binata ang nagnais na mapaibig si Lisay. Isa na rito si Bato Bulang. Kanyang hinarap ang pagsubok makamit lamang ang minimithing pagsinta ng dalaga. Subalit hindi lingid sa kaalaman sa umuusbong na pagmamahalan ng dalawa ang banta ni Balahid na may marubdob na pagmamahal sa dalaga. Dahil sa pagsusumikap gamit ang iba’t ibang paraan ni Balahid ay napasakamay niya si Lisay na humantong sa kataksilan mula sa kanyang unang iniibig. Hindi ito pinalampas ni Bato Bulang na naghangad ng paghihiganti. Bagama’t tinutulan siya ng



pinuno ng mga Buhid at Tau-Buhid na Mangyan, isa na rito sa Afu Sukol (pinaniniwalaang mula sa pangalan ng Ilog Sukol na pinagmulan ng bayan ng Bongabong) kalauna'y nagtagumpay si Bato Bulang. Ang pagtataksil 'di umano ni Lisay sa binatang si Bato Bulang ang nagpahiwatig ng mga malalaking pagbaha sa nayon na nagdulot ng pagkuha ng buhay sa mga taong tumatawid sa ilog, pagkasira ng maraming pananim, pagkapinsala ng mga ari-arian, at kahirapan sa nayon. Isang napakalakas na bagyo ang sumalanta sa nayon at himalang isang binatang Kastila ang nakaligtas. Dala ang mapa (halaw ang barangay Mapang) ay hinanap ng lalaki si Lisay. Habang hinahanap ng Kastila ang tahanan ni Lisay ay namalas ang alingawngaw ng kanyang napakalakas na sigaw na "lisay" na naging "lisap" dahil sa maling pagkakabigkas.

**Malitbog** - *barangay* - Pinaniniwalaang bigay ng mga katutubong Mangyan na nangangahulugang "ilog." Inuugat din ang pangalan ng barangay sa palagiang paglubog ng barangay dulot ng malalakas na pag-ulan.

**Ogbot** - *barangay* - Hango sa salitang Mangyan na "ogbot" na nangangahulugang maliit na naging tawag ng angkan ng mga Yawed, pamilyang Mangyan na unang nanirahan dito. Ang Ogbot ay dating sitio ng Cawayan. Batay sa mga tala, taong 1932 nang dayuhin ang sitio ng mga taga- Romblon at Panay.

### *a.3. Ugnayan sa Impluwensiya ng Bisaya*

**Dayhagan** - *barangay* - Halaw ito sa salitang Bisaya na "dayag" na nangangahulugang pagiging bukas-loob sa kapuwa. Matatagpuan dito ang Ilog Dayhagan na nagsisilbing hangganan ng bayan ng Bongabong at Roxas. Nagsimula ang mayamang kasaysayan ng barangay sa bukana ng ilog na kalaunan ay dinayo ng maraming mamamayan mula sa Isla ng Tablas.

**Pulosahi** - *barangay* - Tinatawag ang lugar na "puro-sahi" ng mga Bisayang mangangaso. Mula sa salitang "puro" na nangangahulugang "isla" at "sahi" na nangangahulugang "pinili". Sinasabing ang lugar na ito ay piniling lugar sa isla upang pugaran ng mga baboy damo at usa. Noong panahon ng panunungkulan ni Mayor Angel Rodriquez, kanyang iminungkahi na maging Pulosahi ang bagong pangalan ng barangay.

### *a.4. Ugnayang Pangkasaysayan at Pangkalinangan*

**Formon** - *barangay* - Ang pangalan ng barangay ay sinasabing buhat sa kauna-unahang nangahas na manirahan sa magubat at pinamamahayan ng mababangis na hayop na si G. Felix Formon na nagmula sa lalawigan ng Romblon. Tinawag din ang barangay na “katorse” dahil sa labing-apat na kilometrong layo nito sa kabayanan.

**Labasan** - *barangay* - Paboritong kuta ng mga pirata ang lugar dahil sa magandang karagatan na daungan ng iba’t ibang sasakyang pandagat upang manguha ng maaaring pakinabangang likas yaman. Sinasabing mula rin sa mga kuwentong kababalaghan ang pinagmulan ng pangalan ng lugar na ito. Pinaniniwalaang pinaglalabasan o pinagpupugaran ito ng mga “enkantada,” “patiyanak,” “babaeng putol ang suso,” at iba pang mga nakatatatong at hindi maipaliwanag na kuwento. Iniuugnay ang kababalaghang ito sa magubat at madawag na lugar noon. Matapos ang pagpapatayo ng mga karsada ay naging maunlad na dinarayo ng iba’t ibang pangkat ng tao mula sa Batangas na sinundan ng mga taga-Marinduque.

**Libertad** - *barangay* - Kilala dati bilang sitio Leuterio mula sa apelyido ni G. Emelito Leuterio na naitalang unang nanirahan dito. Kinilala si G. Leuterio dahil sa pagsusumikap niyang maipatayo ang paaralang nag-umpisa lamang sa “sulirap” o habing dahon ng niyog, pagsasaayos ng kalagayang pangkalusugan laban sa banta ng malaria, at pagpapatupad ng mga batas pangkaayusan sa lugar. Ang pagkilala sa Barangay Libertad ay nag-umpisa matapos maging isang ganap na barangay noong 1968.

**Luna** - *barangay* - Tinatawag na Ariray ng mga Mangyan ang lugar na ito. Ang Luna ay isang barangay na dinaraan ng Ilog Bongabong. Dahil sa agos ng ilog ay nagbunga ng matabang lupa na mainam pagtaniman ng iba’t ibang kalakal. Hinango ang pangalan nito kay Severino Luna, ang tenyente del barrio matapos na mahiwalay sa kasamang barangay na Orcunuma dahil sa malakas na bagyong Wanda.

**Mapang** - *barangay* - Dating kilalang Sitio Pulingon na dating sitio rin ng Formon. Ang pangalan ng Mapang bukod sa sinasabing dalang mapa ng Kastila sa kuwento ng mga katutubong Mangyan ay nagmula rin sa pinagsamang salitang “ma” at “pang” na tawag sa isa’t isa ng mag-asawang Felix Formon.

**Morente** - *barangay* - Mula ang pangalan ng barangay kay Conrado Morente na naging gobernador ng lalawigan ng Silangang Mindoro na

sinasabing nag-ambag sa pag-unlad ng barangay dahil sa pagpapatayo ng gilingan. Ang pagpapatayo ang naging hudyat sa pagbabago ng lugar mula sa dating malawak at magubat nitong katayuan.

**San Isidro** - *barangay* - Dating sitio ng Barangay Sagana. Ang barangay na ito ay napapagitnaan ng dalawang ilog: Ilog Pandan at Ilog Inuman. Ang pangalan ng barangay ay halaw sa ehemplong mamamayan dito na si Mang Isidro na sa kabila ng naging pinsala ng bagyong Wanda ay nagsikap upang ihaon ang kanyang buhay na naging inspirasyon ng mga mamamayan sa pamayanan.

**San Jose** - *barangay* - Kinuha ang pangalan ng barangay sa patron ng bayan ng Bongabong na si San Jose. Ito ay ibinigay ni Benito dela Cruz na nagbigay ng lupa para maging tanggapang pampamahalaan ng barangay at paaralan.

**San Juan** - *barangay* - Binansagan itong Kilometro Siyete dahil sa tinatayang pitong kilometrong layo ng barangay mula sa kabayanan. Ipinangalan ang barangay bilang parangal kay Juan Dagli na naging pinuno ng barangay noong 1947 na naghatid ng kaunlaran sa pamayanan.

**Sigange** - *barangay* - Ito ang tawag ng mga Mangyan sa lugar. Matapos dumayo ang mga taga- Sukol (Anilao) ay pinalitan ang orihinal na pangalan ng “Roselfin” subalit hindi nagtagal ay ibinalik ang orihinal nitong pangalan na “Sigange”.

**Sta. Cruz** - *barangay* - Ang unang pangalan ng barangay ay “naksib” salitang Mangyan na hango sa pangalan ng magiting na Mangyan. Ang grupo ng mga Mangyang ito ang unang nanirahan sa magubat at mabundok na lugar na kalauna’y dinayo ng mga taga- Batangas at Marinduque. Ang kasalukuyang pangalan ng barangay ay hango sa tradisyon ng pamayanan na “santacruzán” na ginagawa tuwing buwan ng Mayo.

**Sukol** - Pangalan ng tinutukoy na ilog na may malakas na agos. Hango ang pangalan ng ilog kay Afu Sukol, isang lider ng mga katutubong Mangyan. Iniuugnay ang “sukol” sa pagkakahuli ng mga tulisan na nais lukubin ang kabayanan. Akma ang nakagisnang pagpapakahulugan sa salitang nasukol o nahuli.

**Sulyog** - *pagdiriwang* - Pinagsamang salitang “suli” salitang Mangyan na nangangahulugang “saging” at salitang Tagalog na niyog. Isa itong makulay at masayang pagdiriwang ng pasasalamat kay San Jose, patron

## HASAAN

ng Bongabong sa masagang ani ng saging at niyog. Ipinagdiriwang ito kasabay ng pista ng bayan tuwing ika-19 ng Marso.

Kapansin-pansin sa mga pangalan ng mga pamayanan sa bayan ng Bongabong ang ugnayan nito sa kapaligiran. Maraming pangalan ang kadikit ng iba't ibang halaman at hayop na mamamasdan sa bayan. May mga pangalan din na may mayamang pinagmulan batay sa mga kuwento ng pamayanan tulad ng sitwasyon ng Barangay Lisap. Ngunit, kapansin-pansin na hindi matatawaran ang maraming pangalan ng pamayanan mula sa ambag ng mga Mangyan na pangunahing nanirahan sa buong lalawigan ng Mindoro. Nangangahulugan lamang ang hindi matatawarang ambag ng mga Mangyan sa kasalukuyang kabihasnan ng iba't ibang pamayanang bumubuo sa bayan ng Bongabong. Ang ganitong pangitain ay pagpapamalas ng mayamang ugnayan ng mga Tagalog at Mangyan na makikita sa pagtanggap sa wika at salita ng bawat isa. Malinaw ang magkasabay na panghihimasok o *interference* ng wika na kadikit ng ugnayang pangkabuhayan at panlipunan. Ang panghihimasok na katangiang taglay ng isang salita ay talagang sosyolingguwistikong katangian ng isang wika.

Nakaugat ang kahalagahan ng wika sa buong komunidad pangwika ng bayan ng Bongabong sa tungkuling pangwika. Ang iba't ibang leksikal aytem sa Bongabong, Silangang Mindoro ay kasama sa tungkulin ng wika bilang instrumental, regulatori, interaksyunal, pampersonal, pang-imahinasyon, heurestiko, at impormatibo. Ang mga tungkuling ito ng wika ang litaw na litaw na salalayan sa pagsasakabuluhan ng pagsusuri ng leksikal aytem ng salitang Tagalog-Bongabong, Mindoro. Kagaya ng pag-iral ng iba't ibang wika sa isang komunidad na gumaganap ng mahalagang papel sa ugnayang panlipunan, ang tungkulin ng wika sa komunidad pangwika ng Bongabong ay gamit sa pakikipagtalastasan gaya ng pakikipag-usap batay sa iba't ibang aspekto o sangkap ng komunikasyon na nakaugat sa salitang sinasabi, pinaniniwalaan, at sinusunod ng marami sa isang tiyak na pamayanan o komunidad na nagbabahagi ng iba't ibang umiiral na pinagsasaluhan ng mga mamamayan (Peregrino 223-26), pagpapahayag ng opinyon, pagiging malikhain ng tao katulad ng pagiging malikhain ng wika (Rubin 1-10), at higit sa lahat gamit ang wika ay nagiging instrumento sa pagpapahayag ng iba't ibang impormasyon na makakatulong sa ugnayang pangkomunidad ng bayan ng Bongabong.

Sa kasalukuyan, tinatayang ang pangkat etnolingguwistikong naninirahan sa bayan ng Bongabong ay nagmula sa distribusyon ng iba't ibang pangkat na

nag-aambag ng iba't ibang wika mula sa kanilang una o sinusong wika (mother tongue). Ang mga ito ay Tagalog (Batangas, Marinduque, Laguna, Cavite, Quezon, Rizal, at Maynila), Binisaya, Mangyan, Romblon, Waray, Hiligaynon, Ilocano, Cebuano, Banuanon, at iba pang grupong etnolingguwistiko (*Household Population by Mother Tongue*). Tagalog ang lingua franca na nag-uugnay na may natatanging varyasyon.

### *Pagbabago sa Komunidad Pangwika*

Ang pag-aaral ni Piol (1990) ay patunay sa pagbabagong panlipunan ng bayan ng Bongabong. Bagama't ilang taon na ang lumipas, mababakas pa rin sa kasalukuyan ang itinalang palatandaan na may direktang kaugnayan sa mga leksikal aytem ng bayan.

Ang iba't ibang anyo ng kapaligiran mula sa anyong tubig at anyong lupa ng bayan ay tiyak na lilikha ng iba't ibang uri ng salita. Sumasalamin ang ugnayang pangkapaligiran sa iba't ibang pangalan tulad ng *Masaguisi* (maraming saguisi, isang uri ng isdang dagat), *Camantigui* (isang uri ng bulaklak), *Anilao* (isang uri ng puno), *Bukal* (anyo ng tubig), *Sulyog* (pagdiriwang tuwing sasapit ang kapistahan ng bayan na nagmula sa salitang Mangyan na saging at niyog). Ang patuloy na pagtaas ng densidad ng populasyon dulot ng pandarayuhan at permanenteng paninirahan mula sa iba't ibang panig ng bansa, maging ang paglabas dulot ng pag-aaral sa iba't ibang bahagi ng bansa ng mga taal na nagsasalita ng mga katutubong salitang Bongabong hanggang sa pagbabalik sa tinubuang bayan ay makakaapekto sa leksikal aytem ng bayan. Ang mga pagbabagong ito na madalas na nakaugat sa aspektong heyograpikal ay nagbunga ng mga pagbabago sa aspektong pangkabuhayan at tradisyon na pinaghahanguan ng iba't ibang leksikal aytem.

Kasabay ng malawakang pagbabago ng komunidad pangwika sa bayan ng Bongabong ang pagbabago sa mga salita o leksikal aytem. Ito ay mahihinuha sa mga salitang naglalaho tulad ng mga salitang *tabsing* (uri ng panlasa), *tun-og* (masereno/gabi), *yumao* (aalís), *pinaw* (likom); *dais* (pagtabi); nadaragdagan tulad ng mga salitang *Aringkingking* (isang uri ng pagkain mula sa manibal na saging na binudburan ng asukal at pinalutong sa kumukulong mantika), umuusbong na salita na ambag ng mga kabataan, at pagbabago ng salita sa aspektong may kinalaman sa tunog, pagbubuo ng salita, at pagpapakahulugan. Ngunit sa huli, anuman ang iba't ibang makitang pagbabago sa mga leksikal na aytem sa komunidad pangwika sa bayan ng Bongabong, litaw pa rin ang

tungkuling ginagampan ng wika upang matamo ang myutwal na unawaan sa isang komunidad pangwika.

### *B. Varayti ng Tagalog-Bongabong*

#### *b.1. Pagkain, Hayop, Halaman*

**aringking** - Luto mula sa saging. Hinati ang manibal-nibal na saging na saba sa apat na bahagi saka ipiprito at bubudburan ng asukal. Idinikit ang pangalan ng lutuing ito sa sumikat na kanta noong Dekada '90.

**bilot** - tuta

**bislad** -dinaing na isda na tinuyo, kaya maririnig ang “binislad” o “bisladin” sa bayan na ang kahulugan ay pagbiyak o paghati.

**bulanglang** - Isang uri ng luto na ang pangunahing mga sangkap ay ang pinaghalo-halong gulay gaya ng papaya, kalamismis, kalabasa, kibal, talong, okra, kadyos, o patani, at talbos na nilagyan ng luya at bagoong. Madalas maging katerno ito ng prito o inihaw na isda. Sa kabayanan na bihira na ang may mga gulayan, mabibili sa palengke ang nakasupot na mga gulay na handa ng lutuin.

**dumalaga** - *native* na babaeng manok na paboritong gawing tinola.

**guyam** - langgam

**kalamayhati** - isang uri ng palaman o maaaring maging sawsawan ng suman o iba pang kakanin. Mas espesyal ang paggamit nito kesa latik. Gawa ito sa gata ng niyog na katumbas ng “coco jam”.

**kalampay/katang** - katumbas ng talangka. Maraming kalampay sa pamilihan tuwing matatapos ang malakas na pag-ulan. Isinasangag ito at isinasawsaw sa sukan mahalang (maanghang) bilang pang-ulam o pampulutan.

**kalamunding** - uri ng sitrus o kahel na mas malaki sa kalamansi at mas maliit naman sa sinturis.

**kalamyas** - kamyas ito ng Batangas at iba pang lalawigan. Pangunahang sangkap ito bilang pang-asim sa mga lutuing isda o pansigang. May ilang mga nagluluto na ginagawa rin itong kending kalamyas.

**kibal** - mas maliit at maberde sa sitaw na akmang ipansahog sa bulanglang.

**lukban** - uri ng citrus, kahel. Tawag din ito ng mga taga-Quezon at Marinduque sa prutas na katumbas ng pomelo ng Davao.

**mura** - niyog. Ito rin ang tawag ng mga lalawigan ng Laguna, Quezon, Marinduque, at Batangas.

**pais** - paraan ng pagluluto ng isda na inasinan at pinakuluan na binalutan ng dahon ng saging.

**pinakro** - luto sa saging na kahalintulad ng pagluluto sa ginataan.

**pinaltok** - luto sa malagkit. Ibinabad ang malagkit saka giniling. Binilog-bilog ito saka iluluto sa gata. Katumbas ito ng bilo-bilong inilalagay sa ginatang sari-sari. Sa bayan ng Bongabong, purong bilo-bilo lamang mula sa malagkit ang sangkap. Kung minsan may ibang naglalagay ng langka at sago. Isa itong espesyal na handa tuwing sasapit ang Bagong Taon. Tinatawag ang ganitong lutin na pinindot sa ibang lugar.

**sinaing/saing** - tawag din sa kanin o kaya ay uri o paraan ng pagluluto sa isda lalo na sa isdang galunggong o tulingan.

**singapore** - bundo o gabi, isang uri ng lamang-ugat na pansahog sa sinigang at tinola o pamalit sa ube bilang lutuing panghimagas o suman .

**sinulbot** - isang uri ng luto mula sa saging. Sa inarnibal at pinalapot na asukal lulutuin o susulbutin hanggang sa maging makuna't kunat, maligat-ligat, at makintab-kintab ang saging.

**sinukmani** - uri ng kakanin na kahalintulad ng biko sa ibang lalawigan.

tinutong o tutong- ginatang malagkit na nilagyan ng sinangag na munggo. Madalas lutuin tuwing may lipat-bahay o bayanihan sa mga pamayanan.

**tunsoy** - tuyo o maliliit na isdang tinuyo gaya ng sapsap, galunggong, at iba pa.

Kapansin-pansin ang maigting na ugnayan ng kultura at wika sa mga inilahad na salita. Mula sa maraming hanay ng salita, litaw ang pagiging agrikultural na katangian ng bayan ng Bongabong na tiyak na pagmumulan ng iba't ibang gawain tulad ng pagluluto at iba pang gawaing pantahan, pangkabuhayan, at pangkultura. Mula sa komprehensibong paglalahad, paglalarawan, at pagsasalaysay sa bayan ng Bongabong na pagmumulan

## HASAAN

ng iba't ibang salita o wika na masasalamín ang aspektong panlipunan ng komunidad pangwika. Sa preliminaryong pagsusuring ito ng mananaliksik, masinsing iminapa ang iba't ibang salita upang matalunton ang ugnayan ng wika at kultura. Sa itinalang mga salita; napatunayan na ang wika ay isang larawang isinatitik at isina-vokal; isang hulugan, taguan, imbakan o deposito ng kaalaman, at isang ingat-yaman ng mga tradisyong nakalagak dito. Sa madaling sabi, ang wika ang kaisipan ng isang pamayanan. Taglay nito ang mga haka-haka't kasiguruhan ng isang bayan. Mula sa mga salita, bahagi ito ng kaakuhan ng bayan ng Bongabong. Bahagi ito ng Tagalog-Mindoro mula sa bayan ng Bongabong.

### *b.2. Pantawag*

**Babaysot** - pabalbal na tawag sa babae

**Lalaksot** - pabalbal na tawag sa lalaki

**Ineng** - panlahat na tawag sa mga babae kung hindi tukoy ang pangalan. Ito rin ang katumbas na panawag sa mga bunsong anak na babae.

**Kakang** - Pantawag sa mga kamag-anak na nakatatanda na tila katumbas ng lolo at lola o matandang kapatid ng ama't ina o tiyo at tiya. Kawangis ito ng panawag ng mga taga-Batangas.

**Otoy** - panlahat na tawag sa mga lalaki kung hindi tukoy ang pangalan. Ito rin ang katumbas na panawag sa mga bunsong anak.

Sa iba't ibang pantawag masasalamín ang malalim na ugnayan sa isa't isa. Panlahatan ang kadalasang tawag bilang tanda ng pakikipagkapuwa. Ang balbal na pagtawag ay nagpapakita pa rin ng lambing bilang pagturing sa bawat isa na hindi iba.

### *b.3 Salitang Palarawan o Kilos na Taal Bongabong*

|               |                 |
|---------------|-----------------|
| abay-abay     | - tabi-tabi     |
| bangi/binangi | - ihaw o inihaw |
| balda         | - hirap         |
| baligwas      | - baliktad      |
| bisakrat      | - sira          |



|            |                 |
|------------|-----------------|
| burat      | - sira          |
| buslot     | - hulog         |
| hawhaw     | - hugas         |
| hikap      | - layas o gala  |
| hili       | - inggit        |
| ipod       | - usod          |
| imis       | - linis, ligpit |
| kalwet     | - kinuha        |
| karibok    | - kagulo        |
| layot      | - lanta         |
| lumay      | - gayuma        |
| luyat      | - payat         |
| maalwan    | - madali        |
| maamos     | - madumi        |
| mabanas    | - mainit        |
| madamusak  | - makalat       |
| magitlahin | - magulatin     |
| mahalang   | - maanghang     |
| mahuna     | - marupok       |
| maliwagin  | - mareklamo     |
| mayabo     | - malambot      |
| pirmi      | - tigil         |
| punggi     | - alis          |
| salikwat   | - iangat, itaas |
| sungaba    | - nadapa        |
| sungkol    | - inulo         |
| suya       | - umay          |
| sanaw      | - maputik       |

## HASAAAN

|           |                |
|-----------|----------------|
| tagtag    | - bura, alisin |
| tampuyong | -sinapok       |
| tap-ungan | - sigaan       |
| tiba      | - putol        |
| tigpal    | - alis         |
| tipig     | - ligpit       |
| tulad     | - kopya        |
| u-om      | - tutok        |
| utay-utay | - unti-unti    |

### *C. Puntong Bongabong*

Bawat bayan ay may bukod-tanging punto ng pagsasalita. Mamamalas ito sa paraan ng pagbigkas, tiyak na salitang ginagamit sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag, salitang ingklitik o paningit, at pagbuo ng mga salita sa tulong ng iba't ibang panlapi. Tumutugma ito sa sinasabi ni Dr. Jose Rizal (na kay Catacataca) na ang bawat bayan ay may sariling wika, may sariling paraan ng pagpapahayag ng damdamin sapagkat nananatiling sasalitain ng isang bayan ang nakagisnang wika dahil ito ay may sapat na kalipunan ng mga leksikon upang maipahayag ang konsepto ng kanilang mga utak, ideya, at saloobin.

Maipapakita ng mga taga-Bongabong ang punto ng pagsasalita na masasabing kababakasan ng kaibahan o graduwal na varyasyon gaya ng mga sumusunod:

#### *c.1 Pagbuo ng mga Salita gamit ang mga Panlapi*

Hindi kataka-takang mayaman ang wikang Filipino. Napakayaman ng ating wika sa panlapi. Tinatayang 30, 000 salitang ugat at may 700 panlapi. Bawat lalawigan o diyalekto ay may panumbas na panlapi sa bawat salitang ugat.

**Panlaping – a sa halip na parsyal na pag-uulit ng unang pantig ng salitang ugat**

|           |            |
|-----------|------------|
| alayanan  | lalayanan  |
| apiratin  | pipiratin  |
| asalain   | sasalain   |
| asipsipin | sisipsipin |

**Hulaping –i/a Pamalit sa Hulaping -an at -in Gamit sa Salitang Kilos na Pautos**

|         |          |           |
|---------|----------|-----------|
| akyati  | akyatin  |           |
| biaki   | biakin   | - hatiin  |
| biliha  | bilihan  |           |
| bilihi  | bilihin  |           |
| birahi  | birahin  | -hampasin |
| dagdaga | dagdagan |           |
| gibai   | gibain   | -sirain   |
| kuni    | kunin    |           |
| lutua   | lutuan   |           |
| lutui   | lutuin   |           |
| pigai   | pigain   |           |
| silipa  | silipan  |           |
| silipi  | silipin  |           |
| sirai   | sirain   |           |
| subua   | subuan   |           |

**Unlaping –ina Pamalit sa Parsyal na Pag-uulit ng Salitang Kilos Bilang Aspektong Pangkasalukuyan**

|           |            |             |
|-----------|------------|-------------|
| inabisita | binibisita |             |
| inagayat  | ginagayat  | - hinihiwa  |
| inaluto   | niluluto   |             |
| inayari   | yinayari   | - tinatapos |

**Aspekto ng Pandiwa :Panlaping -nag, naga, maga**

| Pawatas                      | Pangnakaraan | Pangkasalukuyan | Panghinaharap |
|------------------------------|--------------|-----------------|---------------|
| laog/layas                   | naglaog      | nagalaog        | magalaog      |
| b u b o / h u h o /<br>tapon | naghuho      | nagahuho        | magahuho      |
| patas/ayos                   | nagpatas     | nagapatas       | magapatas     |
| tahan/tigil                  | nagtahan     | nagatahan       | magatahan     |
| tangis/iyak                  | nagtangis    | nagatangis      | magatangis    |

Kapansin-pansin sa mga salita ang pekulyaridad ng puntong Bongabong. Ang mga salitang kahawig sa ibang lalawigan gaya ng Batangas, Marinduque, Quezon, Laguna, at iba sa Katagalugan ay masasalamain sa ugnayang panlipunan dulot ng pandarayuhan at pakikipag-ugnayang panlipunan. Ang varayting ito ay nauunawaan ng mga mamamayan na ginagamit sa layuning pakikipagtalastasan.

*c. 2 Paghahati ng Pantig*

Isang malinaw na palatandaan na puntong Bongabong ang paraan ng pagbigkas sa pamamagitan ng paghahati ng pantig. Hinahati ang huling pantig ng salita na sumasama ang tunog ng katinig sa sinusundang pantig at nagkakaroon ng impit na tunog sa unahan ng pantig.

but-o

gab-i

gat-an

tab-ang

tab-sing

tun-og - masireno, mahamog sa gabi

tam-is

Halos kawangis ng wika sa Bongabong bilang Tagalog-Mindoro ang Tagalog-Batangas. Ito ay kadahilanang ang Mindoro ay dating lalawigan ng Batangan (Batangas sa kasalukuyan). Kaugnay nito, maraming taga-Batangas at taga-Mindoro ang may tuwirang ugnayan upang magpalitan ng kalakal tulad ng mga alagang hayop, saging, niyog, at iba pang produktong agrikultural. Maraming taga-Batangas din ang patuloy ang pandarayuhan sa lalawigan ng Mindoro dahil sa kahali-halina nitong kapaligiran.

*c.3 Paggamit ng Salitang Ingklitik*

- ho sa po at oho sa opo
- ga at бага

Ginagamit sa Bongabong ang “ho” at “oho” bilang pahiwatig ng paggalang. Nagkaroon ng asimilasyon o pagpapalit ng titik /p/ para sa :po at opo” na naging titik /h/ para sa “ho at oho”. Kawangis ito ng halos gamit ng mga taga-Batangas. Samantala, ang “ga at бага” ay katumbas ng gamit ng “ba” sa ibang lalawigan. Ginagamit ang mga ingklitik na ito bilang pampadulas sa pagpapahayag upang ipakita ang paggalang at pagbibigay-diin sa nais sabihin.

*c.4 Paggamit ng Salitang Panang-ayon/ Pagsalungat*

- mandin pa  
A: Sobrang init ngayon!  
B: Mandin pa! Kaya nga pana’y ang inom ko ng tubig.
- ngani ay  
A: Pagkakamahal ng mga tindang gulayin.  
B: Ngani ay!  
• gay-un nga  
A: Ano bagang nangyari at nagkagulo na rine?  
B: Gay-un nga! Hamak mo’y kay-ayos-ayos naman dito rati.
- awan/aywan  
A: Aywan ko na lamang kung malabhan pa ang mga tubal.  
B: Awan nga ! Depende pa sa kondisyon ko.
- ilam - ewan  
A : Ano gang sarap nitong niluto mong pinaltok?  
B: Ilam sa ‘yo! Magakain ka na nga lang magapambola pa.

Sa mga usapan, litaw ang puntong Bongabong. May graduwal na varyasyong makikita sa kakanyahan ng wika. Tulad ng kabuoan ng bayan, taglay nito ang katangi-tangi niyang pagkakakilanlan na hinubog ng kapaligiran at pakikipag-ugnayan.

## *Pangwakas: Pagpapayaman ng Wikang Pambansa Mula sa Maliit na Komunidad Pangwika*

Ang pagtatala sa wika ng Bongabong ay isang malinaw na hakbang ng pagpapanatili at pagpapayaman ng wikang pambansa. Pagpapayabong ito ng wika mula sa partisipasyon ng mga mamamayan. Sa ginawang pagtatala ng mga leksikal na aytem sa bayan ng Bongabong, napatunayan na ang mga kasapi ng komunidad pangwika ay nagbabahagi ng magkakawangis na katangian ng wika na nagbibigkis upang magkaunawaan mula sa isang varayti ng wika patungo sa iba pang varayri sa isang tiyak na situwasyon.

Bilang mananaliksik na kasapi ng komunidad pangwika ng Bongabong, maituturing ang mga wikang naitala ay may sariling anyo bilang diyalekto na makikilala sa punto, intonasyon, paraan ng pagbigkas, paglalapi, at pagbuo ng salita. Ang Tagalog-Bongabong ay isa lamang varayti na maituturing na *lingua franca* ng bayan ng Bongabong partikular sa kabayanan.

Para sa mga susunod pang mga pag-aaral ukol sa mga salita sa komunidad pangwika ng Bongabong, iminumungkahing mas maging masinsinan ang pagtatala mula sa iba't ibang domeyn na may kaugnayan sa pangkalahatang gawain sa bayan (pagsasagingan, pagniniyugan, pagsasaka, pangingisda at iba pang domeyn bilang *industrial rejister*). Dahil ang wika sa Bongabong ay kawangis ng wika ng Timog Katagalugan, mahalagang maipakita ang maliliit na kaibahan (graduwal na varyasyon) ng mga ito sa iba pang salita mula sa mga karatig bayan bilang pagpapamalas ng kaakuhan ng wika ng buong lalawigan ng Silangang Mindoro. At higit sa lahat, matangkang masuri sa pamamagitan ng pagmamapa ng mga salita mula sa iba't ibang barangay ng buong bayan na may iba't ibang pinagmulang etnolingguwistikong pangkat na ang pangunahing tuon ay masuri ang paghahalo-halo ng mga wika (*language contact*) na bahagi ng pag-aaral ng varayti ng wika.

**Mga Sanggunian**

- Catacata, Pamilo. Ang Wikang Filipino sa Pagpapalaganap ng Pambansang Kultura. Nasa *Punla: Lingguwistikang Filipino: Handog Parangal kay Alfonso Santiago*. Makati City: Grandwater Publication and Research Corporation at Samahan ng Lingguwistikang Filipino, Inc. 2001. Nakalimbag.
- Constantino, Pamela at Ramos, Jesus Fer. *Wika, Lingguwistika, at Bilinguwalismo sa Pilipinas*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc. 1985. Nakalimbag.
- Fishman, Joshua (et al.). *The Sociology of Language: An Interdisciplinary Social Science Approach to Sociolinguistics*. Bloomington: Indiana University. 1971. Nakalimbag.
- Garcia, Lydia G. *Mga Gramatikang Tagalog/Pilipino 1893-1977*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, 1992. Nakalimbag.
- Gayeta, Gene D. *Talatinigan ng Tribung Hanunuo, Katutubong Mangyan ng Silangang Mindoro*. Calapan City, Oriental Mindoro: Divine Word College of Calapan. 2012. Di Nakalimbag.
- Goodenough, Ward H. *Culture, Language, and Society*. Menlo Park, California: The Benjamin Cummings Publishing Company inc. 1981. Nakalimbag.
- Jocano, Landa F. *Filipino Worldview* ( Ethnography of Local Knowledge). Maynila: Punlad Research House Inc. Pilipinas. 2001. Nakalimbag.
- Halliday, Michael. *An Introduction to Functional Grammar*. New York.: Oxford University Press Inc. Madison Avenue, 2004. Nakalimbag.
- Hernandez, Godofredo. *History of Bongabong, Its Development and Vision Towards Year 2000*. Pinamalayan, Oriental Mindoro: BF Printing Press. 1997. Nakalimbag.
- \_\_\_\_\_. *Ang Kasaysayan ng Bongabong*. Isang pamphlet. 1980. Nakalimbag.
- \_\_\_\_\_. *Ang Bongabong. Pinagmulan at Pag-unlad*. Bongabong Town Fiesta Souvenir Program. 1978. Nakalimbag.
- Kramsch, Claire. *Language and Culture*. Oxford, New York: Oxford University Press. Great Clarendon St. 2000. Nakalimbag.
- Landicho, Macario. *The Mindoro Yearbook. Philippine Yearbook Publisher*. 1952. Nakalimbag.
- Labov, William. *Principle of Linguistic Change Cognitive and Cultural Factors*. Southerngate Chichister, West Summer, United Kingdom: Blackwell Publishing. 2010. Nakalimbag.
- Nolasco, Ricardo A. (et al.). *Gramatikang Filipino: Balangkas*. Quezon City: The University of the Philippine Press. 2001. Nakalimbag.
- Paz, Consuelo J. *Gabay sa Fildwurk*. Quezon City: The University of the Philippine Press. 2005. Nakalimbag.
- \_\_\_\_\_. *Ang Pag-aaral ng Wika*. Quezon City: The University of the Philippine Press. 2003. Nakalimbag.
- Peregrino, Jovy M., Constantino, Pamela C., Ocampo, Nilo S., Petras, Jayson D. *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman. 2012. Nakalimbag.
- \_\_\_\_\_. Constantino, Pamela C., Ocampo, Nilo S. *MINANGA: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino. Sistemang Unibersidad ng Pilipinas. Diliman, 2002. Nakalimbag.
- Piolo, Edna G. *The Municipality of Bongabong, Oriental Mindoro: A Study*. Quiapo, Maynila: Manuel Luis Quezon University, Hidalgo St. 1990. Di Nakalimbag.

Rubin, Ligaya. *Wika sa Lipunang Pilipino*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc. Florentino St. 1992. Nakalimbag.

Salazar, Zeus. *Sikolohiyang Panlipunan at Kalinangan: Panimulang Pagbabalangkas ng Isang Larangan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2004. Nakalimbag.

\_\_\_\_\_. *BAKAS: Babaylan sa Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. 1999. Nakalimbag.

\_\_\_\_\_. "Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan." Nasa Bautista, V.V. at R. Pe – Pua (Mga Pat.), *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*. Maynila: Kalikasan Press, 1991. Nakalimbag.

Santiago, Alfonso O. *Lingguwistika at Panitikan: Mga Piling Sanaysay na Handog Parangal kay Al Perez*. Maynila: Rex Bookstore. Nicanor Reyes St., Sampaloc. 1985. Nakalimbag.

Saulong Wilfredo. *Bongabong, Yesterday and Today*. Pacific Journal. 1972. Nakalimbag.

Sayas, Magdalena. "Sa Batangas: Ang Lokalays na Wika sa Salita." *Nasa Buhay at Lipunan: Filipino para sa mga Agham Pantao*. Maynila: De La Salle University Press. Malate. 2000. Nakalimbag.

Trudgill, Peter. *Sociolinguistics: An Introduction to Language and Society*. Harmondsworth, Middlesex, England: Penguin Group Ltd. 1995. Nakalimbag.

Walker, James A. *Variation in Linguistic System*. New York: Routledge. Madison Avenue. 2010. Nakalimbag.

Yap, Fe A. *Global Filipino Crossing Borders*. Maynila: De La Salle University Press. 2012. Nakalimbag.

*The Tagalog Region. Lexicon of the Languages & Dialect*. Maynila: Komisyon ng Wikang Filipino at Unibersidad ng Santo Tomas. 2009. Nakalimbag.

*Philippine Loan Words in English (Mga Salitang Filipino sa Ingles)* Maynila: Komisyon ng Wikang Filipino. San Miguel. 1970. Nakalimbag.

## Elektronikong Sanggunian

"Province: ORIENTAL MINDORO". *PSGC Interactive*. Makati City, Philippines: National Statistical Coordination Board. Retrieved 29 October 2012.

"Total Population by Province, City, Municipality and Barangay: as of May 1, 2010". *2010 Census of Population and Housing*. National Statistics Office. Retrieved 2012-10-24.